Kakulangan ng Bakuna sa 2004

# Sino ang dapat at sino ang hindi dapat magpa-flu shot?

BINAGO

Screening ng pasyente para sa mga klinika na nagbibigay ng **inactivated** flu vaccine (di-aktibong bakuna laban sa trangkaso) sa panahon ng trangkaso.

**Kulang para sa lahat ang supply ng flu vaccine sa taóng ito. Mahalaga na magpa-flu shot ang mga tao na pinaka-malamang na magkakaroon ng mga malulubhang sakit o na mamamatay mula sa trangkaso. Kumpletohin ang pormang ito para malaman kung ikaw o ang iyong anak ay dapat o hindi dapat magpa-flu shot.**

**Mga taong may sapat na gulang na 19 taong gulang o mas matanda - sagutin ang mga katanungang ito**

| Oo | Hindi | |
|---|---|---|
| ☐ | ☐ | Ikaw ba ay 65 taong gulang o mas matanda? |
| ☐ | ☐ | Mayroong ka bang pangmatagalang malubhang problema sa kalusugan tulad ng: sakit sa puso, sakit sa bato, mga sakit sa baga tulad ng hika, mga metabolic na sakit tulad ng diyabetis, mga sakit sa dugo tulad ng anemia, o mahinang immune system, halimbawa, dahil sa kanser o paggamot sa kanser, HIV/AIDS o steroid therapy? |
| ☐ | ☐ | Buntis ka ba o may balak ka bang mabuntis sa darating na panahon (mula Oktubre 2004 hanggang Marso 2005)? |
| ☐ | ☐ | Nakatira ka ba sa isang nursing home o iba pang lugar para sa pangmatagalang pangangalaga? |
| ☐ | ☐ | Ikaw ba ay nagbibigay-alaga sa kalusugan na mismong humaharap o humahawak sa mga pasyenteng inaalagaan? |
| ☐ | ☐ | Ikaw ba ay nangangalaga o nakatira kasama ng isa o higit pang mga bata na wala pang 6 na buwan ang gulang? |

**Kung ikaw ay nag-tsek ng "OO" sa ALINMAN sa mga katanungan sa bahaging ito, DAPAT kang magpa-flu shot.**

**Mga magulang o mga legal guardian - sagutin ang mga katanungang ito**

| Oo | Hindi | |
|---|---|---|
| ☐ | ☐ | Ang anak mo ba ay 6 na buwan hanggang 23 buwan ang gulang? |
| ☐ | ☐ | Ang anak mo ba ay 6 na buwan hanggang 18 taong gulang **at** pangmatagalang umiinom ng aspirin? |
| ☐ | ☐ | Ang anak mo ba ay 2 taong gulang o mas matanda na mayroong pangmatagalang malubhang problema sa kalusugan, tulad ng: sakit sa puso, sakit sa bato, mga sakit sa baga tulad ng hika, mga metabolic na sakit tulad ng diyabetis, mga sakit sa dugo tulad ng anemia, o mahinang immune system, halimbawa, dahil sa kanser o paggamot sa kanser, HIV/AIDS o steroid therapy? |
| ☐ | ☐ | Ang anak mo ba ay 2 taong gulang o mas matanda at nakatira kasama ng isa o higit pang mga bata na wala pang 6 na buwan ang gulang? |

**Kung ikaw ay nag-tsek ng "OO" sa ALINMAN sa mga katanungan sa bahaging ito, ang iyong anak ay DAPAT magpa-flu shot.**

**Mga taong may sapat na gulang at mga magulang - sagutin ang mga katanungang ito**

| Oo | Hindi | |
|---|---|---|
| ☐ | ☐ | Ikaw ba ay 64 taong gulang o mas bata at nasa mabuting kalusugan? |
| ☐ | ☐ | Ang iyo bang anak ay 2 taong gulang o mas matanda at nasa mabuting kalusugan? |
| ☐ | ☐ | Ikaw ba o ang iyong anak ay may malubhang alerdyi sa mga itlog? |
| ☐ | ☐ | Ikaw ba o ang iyong anak ay nagkaroon kailanman ng malalang reaksyon sa flu shot? |

**Kung ikaw ay nag-tsek ng "OO" sa ALINMAN sa mga katanungan sa bahaging ito, ikaw o ang iyong anak ay HINDI DAPAT magpa-flu shot. Kung ikaw ay may mga katanungan, kausapin ang isang tagapagbigay-alaga sa kalusugan (doktor, nars, parmasyotiko, atbp.)**

**Para sa karagdagang impormasyon, konsultahin ang iyong tagapagbigay-alaga sa kalusugan o tawagan ang CDC Immunization Hotline**

Ingles **800-232-2522** Espanyol **800-232-0233** Website **www.cdc.gov/flu**

Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention